Rescinded: This document has been formally rescinded by the Department and remains available on the web for historical purposes only.

# Alamin ang Iyong mga Karapatan: Pamagat IX Ipinagbabawal ang Sekswal na Karahasan[1] at Sekswal na Karahasan sa Paaralang Iyong Pinapasukan

Ang Pamagat IX ng mga Amyenda sa Edukasyon ng 1972 ("Title IX"), 20 U.S.C. §1681 *et seq*., ay isang pederal na batas para sa mga karapatang sibil na nagbabawal sa sekswal na diskriminasyon sa mga programa at aktibidad na pang-edukasyon. Lahat ng pampubliko at pribadong elementarya at mga mataas na paaralan, distrito ng paaralan, kolehiyo, at unibersidad (tatawagin ditong "mga paaralan") na tumatanggap ng mga Pederal na pondo ay kailangang sumunod sa Title IX. Sa ilalim ng Title IX, puwedeng isama sa sekswal na diskriminasyon ang sekswal na panliligalig o sekswal na karahasan, tulad ng panggagahasa, sekswal na pag-atake, sekswal na pag-abuso, at sekswal na pamimilit.

Sa baba nitong sulat ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga natatanging kinakailangan sa ilalim ng Title IX habang tumutukoy sila sa sekswal na panliligalig at sekswal na karahasan.

### *Anu-ano ang mga responsibilidad ng paaralan upang matugunan ang sekswal na karahasan at sekswal na panliligalig?*

- Responsibilidad ng paaralan ang agad na pagtugon at sa epektibong paraan. Kung nalalaman ng paaralan o kung may kaukulang kaalaman ang paaralan tungkol sa sekswal na panliligalig o sekswal na karahasan na lumilikha ng mapanganib na kapaligiran, kailangang gumawa ang paaralan ng mabilis na hakbang upang alisin ang sekswal na panliligalig o sekswal na karahasan, pigilan ang pag-ulit nito, at tugunan ang mga epekto nito.
- Kahit hindi gusto ng estudyante o ng kanyang mga magulang na magsampa ng reklamo o hindi hinihiling na gumawa ng hakbang ang paaralan upang ipagtanggol ang estudyante, kung nalalaman ng paaralan o may kaukulang kaalaman ang paaralan tungkol sa posibleng sekswal na panliligalig o sekswal na karahasan, kailangan itong mag-imbestiga agad upang malaman kung ano ang nangyari at pagkatapos ay gumawa ng mga angkop na hakbang upang resolbahin ang sitwasyon.
- Ang kriminal na imbestigasyon sa mga alegasyon ng sekswal na panliligalig o sekswal na karahasan ay hindi magsasalba sa paaralan sa tungkulin nito sa ilalim ng Title IX na ang mga reklamo ay resolbahin agad at nang walang kinikilingan.

### *Anu-ano ang mga pamamaraan na dapat ipatupad ng paaralan upang maiwasan ang sekswal na panliligalig at sekswal na karahasan at resolbahin ang mga reklamo?*

- **Ang Bawat Paaralan ay Kailangang Mayroon At Magpamahagi ng Patakaran Laban sa Sekswal na Diskriminasyon**
  - Hinihingi ng Title IX na maglathala ang bawat paaralan ng patakaran na hindi ito gagawa ng sekswal na diskriminasyon sa mga programa at aktibidad na pang-edukasyon. Ang paunawang ito ay dapat na ipamahagi nang malawakan at palaging mayroon.
  - Kailangang isaad sa patakaran na ang mga katanungan ukol sa Title IX ay maaaring isangguni sa koordineytor ng Title IX sa paaralan o sa OCR.
- **Ang Bawat Paaralan ay Dapat Magkaroon ng Koordineytor ng Title IX**

[1] Ang paggamit ng salitang "sekswal na panliligalig" sa kabuuan ng dokumentong ito ay kasama ang sekswal na karahasan maliban na lamang kung may iba pang sabihin.

Rescinded: This document has been formally rescinded by the Department and remains available on the web for historical purposes only.

- Ang bawat paaralan ay dapat magtalaga ng hindi kukulangin sa isang empleyado na magiging responsable sa pagko-koordineyt ng pagsunod ng paaralan sa Title IX. Minsan, ang taong ito ay tatawaging koordineytor para sa Title IX. Kailangang abisuhan ng paaralan sa lahat ng estudyante at mga empleyado ang pangalan o titulo at impormasyon kung paano kokontakin ang koordineytor ng Title IX.
- Kasama sa mga responsibilidad ng koordineytor ang pamamahala sa lahat ng mga reklamo ukol sa sekswal na diskriminasyon at pagtukoy at pagtugon sa anumang pattern o paulit-ulit na problemang lumulutang sa panahon ng pagrerepaso sa mga tinutukoy na reklamo.

- **Lahat ng Paaralan ay Dapat Magkaroon at Ipaalam ang mga Pamamaraan kung Paano Magsasampa ng Reklamo ukol sa Sekswal na Diskriminasyon ang mga Estudyante.**

  - Hinihiling sa Title IX na ang mga paaralan ay magkaroon at maglathala ng mga pamamaraan para sa pagrereklamo ng mga estudyante ukol sa sekswal na diskriminasyon, kasama ang mga reklamo ukol sa sekswal na panliligalig o sekswal na karahasan. Maaaring gumamit ang mga paaralan ng mga pangkalahatang pamamaraan para sa pagpaparusa upang matugunan ang mga reklamo ukol sa diskriminasyon dahil sa kasarian. Ngunit ang lahat ng pamamaraan ay kailangang maglaan nang mabilis at walang kinikilingang resolusyon sa mga reklamo ukol sa mga sekswal na diskriminasyon.

  - Ang bawat nagrereklamo ay may karapatang magharap ng kanyang kaso. Kasama rito ang karapatan sa sapat, mapagkakatiwalaan, at walang kinikilingang imbestigasyon sa mga reklamo, ang karapatan na magkaroon ng pantay na pagkakataon na magharap ng mga saksi at iba pang katibayan, at ang karapatan sa parehong proseso ng pag-aapela, para sa dalawang partido.

  - Ang bawat nagrereklamo ay may karapatang makatanggap ng abiso ng sakop na panahon na sa loob nito ay:(a)gagawin ng paaralan ng malawakang imbestigasyon tungkol sa reklamo; (b) aabisuhan ang mga partido ng kinalabasan ng reklamo; at (c) maaaring magsampa ng apela ang mga partido, kung naaangkop.

  - Ang bawat nagrereklamo ay may karapatang makarinig ng desisyon ukol sa reklamo gamit ang "preponderance of evidence" o sapat na bilang ng katibayang iniharap laban sa inireklamo (*halimbawa:*, malamang sa hindi ay naganap ang sekswal na panliligalig o sekswal na karahasan).

  - Ang bawat nagrereklamo ay may karapatang makatanggap ng abiso, sa pamamagitan ng sulat, tungkol sa kinalabasan ng reklamo. Kahit nalilimitahan ng mga pederal na batas sa pagkapribado ang pagsisiwalat ng ilang impormasyon tungkol sa mga parusang iginawad:
    - Kailangang isiwalat ng paaralan sa nagreklamo ang impormasyon tungkol sa parusang ipinataw sa maysala *kung ang parusa ay diretsong may kaugnayan sa naligalig na estudyante.* Kasama rito ang utos na layuan ng nanliligalig ang estudyanteng naligalig, o pagbabawal sa nanliligalig na pumasok sa paaralan sa isang takdang panahon, o paglilipat sa ibang klase o sa ibang gusaling tirahan.
    - Dagdag pa rito, ang Clery Act (20 U.S.C. §1092(f)), na may epekto lamang sa mga paaralang post-sekundarya, ay nagtatakda na ang bawat partido ay kailangang bigyan ng impormasyon tungkol sa kinalabasan, kasama ang impormasyon tungkol sa parusa, ng anumang paglilitis ng institusyon laban sa diumanong kasalanan laban sa kasarian. Kung gayon, maaaring hindi hingin ng mga kolehiyo at unibersidad na sumailalim ang nagrereklamo sa isang kasunduan

Rescinded: This document has been formally rescinded by the Department and remains available on the web for historical purposes only.

ukol sa di-pagsisiwalat, sa pamamagitan ng pagsulat, o sa anupaman.

- Sa mga pamamaraan sa pagdinig maaaring kasama ang mga paraang impormal tulad (ng pagpapagitna) sa pagreresolba ng ilang tipo ng reklamo laban sa sekswal na panliligalig. Gayunman, kailangang abisuhan ang nagreklamo ng kanyang karapatang tapusin ang impormal na proseso anumang panahon at simulan ang pormal na antas ng proseso ng pagrereklamo.Sa mga kaso na kinasasangkutan ng mga alegasyon laban sa sekswal na pag-atake, ang pagpapagitna ay hindi naaangkop.

Kung gusto ninyo pang dagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa iyong mga karapatan, o kung naniniwala ka na nilalabag ng isang distrito ng paaralan, kolehiyo, o unibersidad ang isang Pederal na batas, maaari kayong makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (U.S. Department of Education, Office for Civil Rights), sa (800) 421-3481 o sa ocr@ed.gov. Kung nais ninyong magfill-out ng form para sa reklamo nang online, maaari mo itong gawin sa: http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/complaintintro.html.